



# Si Joey Ang Salbahe

Written by Otto J. de la Torre
Illustrated by Eric Jansen
Joey the Rascal—Tagalog
Foursquare Missions Press © 2005



Si Joey ay sampung taon at nakatira sa isang barriong malapit sa isang malaking bayan. Siya ay kilalang-kilala sa lugar na tinitirhan niya dahil siya ang pinakasalbahe at nangungunang bata sa lahat sa kanila. Si Joey ay palaging nakikipag away sa ibang mga bata, wala siyang kaibigan at kinakatakutan ng mga kapit-bahay sa kanilang lugar.

Madalas hindi sinusunod ang kaniyang ina at ibang mga tao. Ang kaniyang ama ay namatay sa isang aksidente noong si Joey ay dalawang taon pa lamang. Madalas siya ay nakakaramdam ng pamamanglaw at lungkot dahil bihira niyang makita ang kaniyang ina dahil kailangan siyang magtrabaho para sa pangangailangan ng kanilang pamilya. May mga kapatid siyang lalaki ngunit sila ay hindi na sa kanila nakatira dahil may mga asawa na.





Kung may pagkakataon,
siya ay nagnanakaw.




Masasama ang mga
salitang lumalabas sa
bibig ni Joey…




Nagsisinungaling siya…



Sa paaralan, ang bababa ng mga marka niya at walang ibig makipaglaro sa kaniya o mapalapit man. Pag oras ng kainan sa paaralan, walang tumatabi sa kaniya, palaging si yang nag-iisa.

Isang araw, may bagong batang babaeng dumating sa paaralan. Maganda siya, ang pangalan ay Marcella. Nang makita siya ni Joey, ang sabi niya sa sarili: "Ang gandang babae! Sana maging kaibigan ko siya." Si Marcella ay kaiba sa ibang mga bata sa paaralan. Siya ay mapagmahal, mabait, palaging umaawit at masaya. Masunurin, magalangin, at matataas ang mga marka niya sa paaralan.



Minsan napalapit si Joey sa kinaroroonan ni Marcella at narinig niyang umaawit ito: "Iniibig ako ni Jesus, at ito'y aking alam..." Nagtaka si Joey at tinanong si Marcella, "nasaan si Jesus? Hindi ko ako ni Jesus? Walang nagmamahal sa akin."
Sumagot si Marcella: "Talaga, mahal ka ni Jesus! Si Jesus ay namatay sa krus para iligtas ka sa kasalanan, para maging masaya ka. Ibig




Siya nakikita." Tumingin si Marcella kay Joey, ngumiti siya at sinabi: "Si Jesus ay nasa puso ko. Inanyayahan ko Siya. Si Jesus ang tunay kong kaibigan at pinasasaya Niya ako palagi."

Nalungkot si Joey at tinanong si Marcella: "Sa palagay mo kaya mahal din ni Jesus na patawarin ka sa lahat ng mga masama at maling ginawa mo. Si Jesus ay buhay. Hindi Siya nanatili sa libingan. Siya'y nagbangon muli sa libingan at ibig Niyang pumasok sa puso mo para baguhin ka."




Joey: Ngunit napaka sama ko!

Marcella: Kahit gaano ka pa kasama. Mababago ka ni Jesus at gagawin ka Niyang mabait na bata. Sabihin mo lang sa Kaniya na patawarin ka sa lahat ng masamang mga bagay na nagawa mo at anyayahan mo Siya sa puso mo.

Joey: Hindi ko alam kung paano gawin 'yon.

Marcella: Si Jesus ay palaging nakikinig kung sasabihin mong mula sa puso at sasabihin mo ang totoo.

Joey: Tulungan mo ako, Marcella! Ibig kong magbago. Ibig kong maging masaya gaya mo.

Marcella: Sige, sumunod ka sa sasabihin kong panalangin. Panginoonng Jesus, patawarin Niyo po ako sa lahat ng mga masamang nagawa ko, linisin Niyo po ako ng Inyong dugo, Jesus. Pumasok Kayo sa puso ko, iligtas Niyo ako, baguhin at gawing masaya ako."



Inulit ni Joey ang panalangin.  At ng matapos na, Siya ay may malaking-malaking ngiti sa labi at kitang-kita sa mukha ang kasiyahan..."Iba ang




pakiramdam ko, napakasayang pakiramdam!"  Sigaw ni Joey.

Marcella: Talaga!  Pag si Jesus ay nasa puso mo, binabago ka Niya at ngayon magiging masaya ka na palagi.

Simula noon si Joey ay ibang bata  na.  Hindi na siya nag nanakaw, hindi na nag sasabi ng masamang mga salita at sumusunod na sa kaniyang ina.

Ang ina niya at lahat sa paaralan, pati mga kapit-bahay nila, nakita ang malaking pagbabago sa buhay ni Joey.  Sinabi ni Joey sa lahat kung ano ginawa ni Jesus sa buhay niya at sinabi niya sa kanila na kailangang anyayahan din nila si Jesus sa kanilang puso.  Sa paaralan, si Joey at Marcella, kasama ang ibang mga bata ay sama-samang umaawit at nagpupuri sa Diyos.



Mahal na Kaibigan, ikaw man ay magiging masaya. Hilingin mo sa Panginoong Hesu-Kristo na patawarin ang lahat ng mga kasalanan mo at anyayahan Siya sa puso mo, para iligtas ka, baguhin at gawin kang masaya. Ulitin mo ang panalanging ito kasama ko: "Panginoong Jesus, hinihiling ko po na patawarin ako sa lahat ng masasamang mga bagay na nagawa ko. Linisin Niyo po ang mga kasalanan ko ng Inyong banal na dugo. Inaanyayahan ko Kayo sa puso ko at iligtas ako, baguhin at gawing masaya, Amen."

Kung sinabi mo ang totoo kay Jesus, Siya ay tiyak na nasa puso mo na iniligtas ka Niya, at makikita mo ang simula ng pagbabago sa iyong buhay.

Basahin mo ang Biblia.

Mahal na kaibigan; upang marami ka pang matutunan tungkol kay Jesus at kung papaanong magiging katulad Niya: Basahin mo ang Biblia araw-araw. Simulan mo sa Bagong Tipan (New Testament). Ang Diyos ay nagsasalita sa iyo kung binabasa mo ang Biblia. Palagi kang manalangin at kausapin ang Diyos. Sapagkat kung ikaw ay nanalangin sa Diyos, kinakausap mo Siya at Siya naman ay nakikinig sa iyo. Siya ay palaging kasama mo. Dumalo sa simbahan upang sumamba sa Diyos at matuto ng Kaniyang Salita at upang makasama ng ibang mga Kristiyanong tulad mo.

Sundin mo ang lahat ng itinuturo sa iyo ng Biblia at gayon din ng ibang mga tao na nagpapayo at nagpapaliwanag ng Salita ng Diyos sa iyo. Sabihin mo sa iyong mga kaibigan at pamilya and tungkol sa ginawang pagbabago ni Jesus sa iyong buhay at sabihing anyayahan din si Jesus sa kanilang puso at buhay, upang patawarin din sa mga kasalanan at upang magbago at maging masaya ring tulad mo.

